

# Ang Paglalakbay ni Nick Plastik







| ***Learning Competencies*** | ***Code*** |
| --- | --- |
| *Naipapakita ang iba't ibang pamamaraan ng pangangalaga ng kapaligirang ginagalawan* | ***AP1KAP-IVi-13*** |
| *Nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa loob ng tahanan at paaralan para sa mabuting kalusugan* | ***EsP1PPP-IIIi-4*** |
| *Nakagagamit ng mga bagay na patapon ngunit maaari pang pakinabangan* | ***EsP1PPP-IIIi-5*** |



**Treasury of Storybooks**

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meeting of public character.

For the purpose of citation, the following recommended.

John Paul G. Luaña. *Ang Paglalakbay ni Nick Plastik,* DepEd-BLR, 2019

DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: John Paul G. Luaña
Guhit ni: Jessie A. Matriano


Learning Resources Managers: Heide F. Ferrer, Ed. D.
Mr. Dennis M. Mendoza


Quezon City
National Capital Region

# ANG PAGLALAKBAY NI NICK PLASTIK



"Yahooo! Sa wakas, makalalabas na tayo!" sigaw ni Nick Plastik. Sabik na sabik siyang makalabas sa pabrika kung saan siya ginawa. Tuwang-tuwa rin ang kapwa niyang mga plastik na matagal nang naghihintay na magamit ng tao.





Balita kasi nila na maganda ang mundo sa labas ng pabrika:

puno ng mababangong bulaklak...

matataas na puno...

malilinis na ilog...

maaamong hayop…

at sariwang hangin!



Paglabas ni Nick mula sa isang delivery truck, pinagmasdan niyang mabuti kung saan sila nakarating. Nakakita siya ng iba't ibang paninda – gulay, prutas, isda, karne, at marami pang iba. Nasa palengke sila!

"Manang, pabili nga ng isang kilong mangga," sabi ni Aling Rely. Inilagay ng tindera ang prutas sa loob ni Nick. Laking tuwa niya dahil siya ang pinaglalagyan nito. "Yehey! Simula na ng aking paglalakbay!" sigaw niya.



Pag-uwi sa bahay, inilabas ni Aling Rely ang binili niyang mangga mula sa plastik upang hugasan.



Naiwan si Nick sa mesa. Pagkaraan ng ilang sandali, dumating ang anak ni Aling Rely na si Popoy.


“Inay, puwede ko po bang mahingi itong plastik? Gagawa po sana ako ng saranggola,” pakiusap ni Popoy.

“O sige! Basta huwag mong kalimutang itapon sa tamang basurahan ang mga kalat mo,” sabi ni Aling Rely.



Agad na kumuha ng walis-tingting, gunting, at sinulid si Popoy. Ginupit niya si Nick upang maging hugis diyamante. Pagkatapos, kinabitan niya ito ng walis-tingting gamit ang sinulid at nilagyan ng buntot na gawa rin sa plastik.





“Aba! Hindi lang pala ako lalagyan ng mga gamit! Puwede rin pala akong maging isang magandang laruan. Pakiramdam ko, ako na ang pinakamagandang plastik sa buong mundo!”

Pinalipad ni Popoy ang kaniyang saranggola sa parke. Ang taas-taas ng narating ni Nick. Kitang-kita niya ang buong siyudad. "Akala ko ba may matataas na puno dito? Bakit puro gusali ang nakikita ko!" pagtataka ni Nick.






"WOOSH! WOOSH!"

Biglang umihip ang malakas na hangin at napatid ang sinulid ng saranggola ni Popoy. Sumabit si Nick sa isang poste ng kuryente!


"ARAY! T-tulong! Tulungan niyo ako," sigaw ni Nick na nagmamakaawa.

Sinubukang kunin ni Popoy ang kaniyang saranggola. Binato niya ito gamit ang kaniyang tsinelas hanggang sa ito ay malaglag. “Naku, sira na pala ito. Ayoko na nito!” sambit ni Popoy sabay tapon sa sirang saranggola.



Malungkot na naiwan si Nick sa kalsada. Ilang tao ang naglakad sa harap niya ngunit wala ni isang pumansin sa kaniya. Ilang sandali pa'y biglang may narinig siyang isang malakas na kulog. "Kabooom!" Naku! Uulan na!





Unti-unting naramdaman ni Nick ang patak ng ulan. Takot na takot siya at hindi alam ang gagawin. Pagkaraan ng ilang oras, hindi niya namalayan na lumulutang na siya sa tubig. Inanod si Nick sa isang kanal!




“Kapit, mga kasama!” sigaw ng mga plastik na kasama ni Nick. Kumapit nang mahigpit si Nick sa mga bakal ng kanal. Sa sobrang dami ng mga plastik ay bumara sila doon!



“Mga kapitbahay, babaha na!” sigaw ng mga tao sa paligid. Nagtawanan ang mga kasama ni Nick habang pinagmamasdan ang nagkukumahog na mga tao!


“Buti nga sa inyo! Ayan ang napapala ninyo!” panunukso ng plastik ng yelo.





“Oo nga, hindi niyo kasi kami tinatapon nang maayos!” pagsang-ayon ng isang balat ng kendi.


“Kalat niyo, babalik sa inyo! Ha-ha-ha! Tara, pasukin din natin ang mga bahay nila,” pag-anyaya ng isang balat ng tsitsirya.

Unti-unting nagkalasan ang mga kalat at lumangoy papunta sa mga bahay-bahay. Samantala, nagpaanod naman si Nick sa loob ng kanal. Paghupa ng baha, napadpad si Nick sa isang ilog.



Ilang buwan siyang nagpalangoy-langoy dito! Gula-gulanit na ang kaniyang itsura. Habang tumatagal, paliit nang paliit ang kaniyang katawan. “Kailan ba ako makaaalis sa lugar na ito?” mangiyak-ngiyak na sabi ni Nick.





“Habambuhay ka na dito! Walang kamatayan ang mga katulad nating plastik,” sagot ng isang straw. “Mag-ingat ka na lang sa mga isda at iba pang hayop dahil baka mapagkalaman ka nilang pagka–”

Hindi pa man natatapos ang straw sa kaniyang sinasabi ay biglang nilamon ng isang malaking isda si Nick!

"T-tulong! Tulungan niyo ako. Takot ako sa dilim," pagmamakaawa ni Nick habang sinusubukang lumabas sa tiyan ng isda.



Nakulong nang napakatagal na panahon si Nick sa loob ng tiyan ng isda, nang isang araw ay biglang may narinig siyang isang pamilyar na boses – “Manang, pabili nga ng isang kilong bangus.”



Si Aling Rely!


"Sa wakas, makauuwi na rin ako!" Tuwang-tuwa si Nick nang narinig niya na si Aling Rely ang nakabili ng isda kung saan siya nakulong.



Pagdating nila sa bahay, inilabas ni Aling Rely ang isdang binili. Hinugasan niya ito at ipinirito. “Sandali!!! Nandito ako sa loob! Hindi ako pagkain! Tulungan niyo ako!” pagmamakaawa ni Nick.



Sa sobrang init ay unti-unti siyang nalusaw at dumikit sa laman ng isda. Lubusan nang nagbago ang mukha ni Nick.






“Popoy, halika na! Kakain na,” sigaw ni Aling Rely.

“Wow! Ang sarap ng ulam– ang paborito kong pritong bangus!” sabi ni Popoy.

“Popoy!!! Ako ‘to, si Nick, ang saranggola mo! Huwag mo akong kakai–”



Hindi pa man natatapos si Nick sa kaniyang sasabihin ay tuluyan na siyang naisubo ni Popoy.

"Mukhang dito na magtatapos ang paglalakbay ko. Siguro kung itinapon lang ako nang maayos, hindi ganito ang kahihinatnan ko. Haaay...." malungkot na sabi ni Nick.



Samantala, ang batang si Popoy ay nakaranas ng pagsusuka, pananakit ng tiyan na may kasamang pananakit ng ulo matapos makakain ng pagkaing nahawahan ng kemikal mula sa plastik.

Kung maayos lamang sana na naitapon si Nick Plastik ay naging maganda sana ang nangyari kay Nick at hindi nagkasakit si Popoy.









Ang Sumulat:

Si Sir **John Paul** ay kasalukuyang nagtuturo sa Diosdado P. Macapagal Elementary School sa Quezon City. Mula pagkabata hanggang ngayon ay mahilig na siyang magbasa ng mga kuwentong pambata. Siya rin ay isang volunteer sa isang organisasyon para sa mga batang may natatanging pangangailangan.


Ang Gumuhit:




Si **Jessie o "Sir Jezz"** ay guro sa Ponciano Bernardo High School sa Cubao, Quezon City na may Major sa Pilosopiya at Minor sa English at kasalukuyang nagtuturo ng Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP). Noong bata pa ay namulat sa komiks at anime/ manga. Lumaking gumuguhit ng kaniyang paboritong Anime at Editorial Cartooning naman noong siya ay isang mag-aaral pa lamang.

Sa wakas, nakalabas na si Nick Plastik sa pabrika kung saan siya ginawa! Pangarap ng mga plastik tulad niya na makita ang mundo sa labas ng pabrika dahil sa bali-balitang maganda raw ito.

Saan kaya siya dadalhin ng kaniyang paglalakbay? Samahan natin si Nick na tuklasin ang mundo ng mga tao.




ANG PAGLALAKBAY NI
NICK
PLASTIK